

Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos **Dibisyon ng mga Karapatang Sibil**

MGA MAMAMAYAN NA MAY MINORYANG WIKA

SEKSIYON 203 NG BATAS SA MGA KARAPATAN SA PAGBOTO

Iपालabas noong Agosto 2002

Ang Estados Unidos ay lupa ng iba-ibang tao na may pamahalaang pinipili sa pamamagitan ng mga boto ng mga mamamayan nito. Tinatanggap ng pederal na batas na maraming Amerikano na umaasa nang malaki sa mga wikang iba sa Ingles, at nag-aatas ang mga ito ng impormasyon sa mga wikang minoritya upang maging may-kaalamang botante at mabisang lumahok sa ating demokrasyang kinakatawan ng mga inihalal. Maraming probisyon ng pederal na batas na nagpoprotekta sa mga karapatang bumoto ng mga Amerikanong may minorityang wika. Ang Seksiyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto ay ang susi. Ang Kongreso ay nag-utos ng mga balota sa wikang minoritya sa ilang hurisdiksiyon mula noong 1975, na ang pinakahuling mga pagbabago sa paraan ng pagpapasiya kung aling mga hurisdiksiyon ang dapat magkaloob ng materyal at impormasyon sa minorityang wika ay naging batas noong 1992.

Seksiyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto

Nang susugan ng Kongreso ang Batas sa mga Karapatan sa Pagboto noong 1975 sa pamamagitan ng Pagdagdag sa Seksiyon 203, napag-alaman nito na “sa pamamagitan ng paggamit ng iba-ibang gawain ang pamamaraan, ang mga mamamayan na minoritya ang wika ay hindi mabisang nakakalahok sa proseso ng paghalal...Ang Kongreso ay nagpahayag na, upang maipatupad ang mga garantiya ng ikalabing-apat at ikalabinlimang susog sa Konstitusyon ng Estados Unidos, kailangang alisin ang nasabing diskriminasyon sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga gawaing ito.”

Ang Seksiyon 203 ay nagtatadhana na: “Tuwing may Estado o subdibisyong pampolitika (sakop ng seksiyon) na nagkaloob ng mga paunawa ng rehistrasyon o pagboto, ang mga porma, tagubilin, tulong, o ibang mga materyal o impormasyon na may kaugnayan sa prosesong panghalalan, kabilang ang mga balota, ito ay dapat magkaloob sa kanila sa wikang angkop sa grupong minoritya gayon din sa wikang Ingles.”

Anu-anong mga hurisdiksiyon ang sakop sa ilalim ng Seksiyon 203?

Ang batas ay sumasakop sa mga lokalidad na may mahigit sa 10,000 o lampas sa 5 porsiyento ng kabuuan ng mga mamamayang nasa edad na maaaring bumoto sa isang subdibisyong pampolitika (karaniwang isang county, pero isang bayan o munisipalidad sa ilang estado) na mga miyembro ng isang grupo na may wikang minoritya, hindi mataas ang antas ng pag-aaral, at hindi mahusay na nakakapagsalita ng Ingles. Ang mga subdibisyong pampolitika ay maaaring masakop din sa pamamagitan ng isang hiwalay na pagpapasiya para sa mga Reserbasyong Indiyang.

Ang mga pagpapasiya ay batay sa mga impormasyon mula sa pinakahuling Senso, at ang mga pagpapasiya ay ginagawa ng Direktor ng Senso. Ang listahan ng mga hurisdiksiyon ay sakop sa ilalim ng Seksiyon 203 at matatagpuan sa web site ng Seksiyon sa Pagboto ng Dibisyon sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Hustisya. <http://www.usdoj.gov/crt/voting/>

Anu-anong mga wika ang sakop sa ilalim ng Seksiyon 203?

Ang Seksiyon 203 ay inaasinta ang mga minorya sa wika na matagal nang hindi napapasama sa prosesong pampulitika: Espanyol, Asyano, Katutubong Amerikano, at Katutubong Taga-Alaska. Ang Kawanihan ng Senso ay tumutukoy sa mga tiyak na grupo para sa mga tiyak na hurisdiksiyon. Sa ilang hurisdiksiyon, may dalawa o higit na grupo na may wikang minorya na ang bilang ay sapat upang gamitin ang mga iniaatas ng Seksiyon 203.

Anu-ano ang mga sakop na eleksiyon?

Ang mga iniaatas ng Seksiyon 203 ay angkop sa mga eleksiyong isinasagawa sa loob ng mga hangganan ng hurisdiksiyon na tinukoy bilang nasasakop ng Seksiyon 203 ng Kawanihan ng Senso. Ang batas ay angkop sa mga primarya at pangkalahatang eleksiyon, mga eleksiyon sa bono at mga reperendum, at sa mga eleksiyon para sa bawat munisipalidad, distrito ng paaralan o distrito ng natatanging layunin sa loob ng itinalagang hurisdiksiyon.

Anong impormasyon ang dapat ipagkaloob sa wikang minorya?

Lahat ng impormasyon na ipinagkaloob sa Ingles ay dapat ding ipagkaloob sa minoryang wika. Ito ay sumasakop hindi lamang sa balota, kundi sa lahat ng impormasyon ukol sa eleksiyon – rehistrasyon ng botante, pagiging kuwalipikado ng kandidato, mga paunawa ng lugar ng botohan, mga huwarang balota, porma ng tagubilin, mga pamphlet ng impormasyon ng botante, at mga balotang ipinapakoreo at regular – mula sa mga detalye tungkol sa rehistrasyon ng botante hanggang sa aktuwal na pagboto, at sa mga tanong na regular na lumilitaw sa lugar ng botohan. Ang mga nakasulat na materyal ay dapat isalin nang tumpak. Dapat ding ipagkaloob ang tulong na sinasalita. Karamihan sa mga wika ng Katutubong Amerikano ay hindi nakasulat, kaya ang lahat ng impormasyon ay dapat ihatid sa pamamagitan ng pagsasalita. Ang mga komunikasyong pagsasalita ay lalong mahalaga sa anumang kalagayan na mababa ang antas ng pag-aaral. Ang mga manggagawa sa botohan na may dalawang wika ay magiging mahalaga sa kahit ilang presinto sa araw ng eleksiyon, at dapat na may sinanay na tauhan sa hukuman o tanggapan ng lungsod na makakasagot ng mga tanong sa wikang minorya, katulad ng ginagawa sa mga botanteng nagsasalita ng Ingles.

Anu-ano ang susi sa isang matagumpay na programa?

1. Pakikipag-ugnayan

Ang batong panulok ng bawat matagumpay na programa ay masiglang programang pakikipag-ugnayan upang matukoy ang mga pangangailangan at mga paraan ng komunikasyon ng komunidad na minorya.

Ang mga

mamamayan na hindi mahusay na nagsasalita ng Ingles, ay madalas na umaasa sa mga paraan ng komunikasyon na iba sa mga ginagamit ng mga nagsasalita ng Ingles. Ang bawat komunidad ay iba. Ang mga pinagkukunan ng impormasyon na higit na may-kaalaman ay ang mga tao sa komunidad na minorya at ang mga regular na nagtatrabahong kasama nila. Ang mga opisyal sa eleksiyon ay dapat makipag-usap sa kanila. Ang mga lider ng minorya ay mahalagang pagsimulan, pero ang mga opisyal sa eleksiyon ay hindi dapat tumigil doon. Sa pakikipag-usap sa maraming tao sa komunidad na minorya – mga edukador, grupo ng negosyo, grupo sa paggawa, mga programang ESL, organisasyon ng magulang-guro, grupo ng matatandang mamamayan, grupo ng simbahan, organisasyong panlipunan at kapatiran, grupong beterano, at ang mga katulad nito – ang mga opisyal sa eleksiyon ay matutukoy ang pinakamabisa at pinakamaayos na programang magagawa: Kung saan magpapaskila ng mga paunawa, anong pamamahayag ang gagamitin, kung saan kailangan ang mga opisyal sa eleksiyon na may dalawang wika. Ang mga tao ring ito ay makakatulong na matukoy at makuha ang mga opisyal sa botohan na may dalawang wika at ilang sa kanila ay maaaring makapagbigay ng mahalagang puna tungkol sa mga iminumungkahing pagsasalin.

Ang mga miyembro ng komunidad na minorya at ang mga nagtatrabahong kasama nila ay makakaganap ng mahalagang papel sa pagbuo at pagpapanatili ng mabisang programang eleksiyon sa dalawang wika at hindi na kailangang maghintay na tawagan ng mga opisyal sa eleksiyon. Ang mga mamamayan na may wikang minorya ay dapat sumagot kaagad sa mga kahilingan na magbigay ng payo at puna mula sa mga lokal na opisyal sa eleksiyon, na madalas na kailangang makatapos kaagad ng nakatalagang gawin. Dapat ding makipag-ugnayan sila sa mga opisyal sa eleksiyon ng lungsod at county upang gumawa ng mga mungkahi sa programa, mag-alok na maglingkod bilang mga opisyal sa botohan, at aktibong lumahok sa ibang paraan sa programang minoryang wika. Dapat nilang iulat ang anumang mga problema sa pagsunod sa mga lokal na opisyal sa eleksiyon at, kung hindi malutas ng mga opisyal ang mga problema, dapat nilang pasabihan ang Kagawaran ng Hustisya. Ang impormasyon sa matatawagan ay matatagpuan sa dulo ng brosyur na ito.

2. Tauhan sa eleksiyon na may dalawang wika

Ang mga botante ay nagtatanong sa mga lugar na botohan sa araw ng eleksiyon. Nagkakaproblema sila sa mga makina sa pagboto. Hindi siya nakakatiyak sa kanilang presinto. Maaaring hindi nababasa ang balota. Ang hindi paggamit ng mga opisyal sa botohan na may dalawang wika sa lahat ng presinto kung saan kailangan sila ay maaaring makapagkait sa mga mamamayan ng kanilang karapatang bumoto.

Mga bagong manggagawa sa botohan – at maraming beteranong opisyal sa botohan – na nangangailangan ng mabisang pagsasanay sa mga bagay na higit sa pagpapatakbo ng mga botohan, kabilang ang mas malawak na proseso ng eleksiyon upang masagot nila nang tumpak ang mga tanong. Ang mga makaranasang opisyal sa eleksiyon kung minsan ay nangangailangan ng pagsasanay tungkol sa mga karapatan ng mga botanteng may minoryang wika.

3. Mga Materyal na Tumpak na Isinalin at Mabisang Ipinamahagi

Ang mga materyal para sa lahat ng yugto ng eleksiyon ay dapat isalin. Dapat mag-ingat sa magkakaloob ng tumpak na salin na nakakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad na minorya. Ang mahihinang salin ay maaaring nakakalito o mapanligaw para sa mga botante at nakakahiya sa mga lokal na opisyal. Bukod sa pagkontrol ng kalidad, maaaring magkaroon ng malalaking pagbabago sa dialekto sa loob ng isang grupo ng wika, at pananagutan ng mga lokal na opisyal na magkaloob ng salin na talagang magagamit ng mga lokal na botante. Ang mga lokal na opisyal ay dapat makipag-ugnayan sa lokal na komunidad na minorya upang tumulong na makagawa o maitama ang mga salin.

4. Oras

Ang oras bago ang eleksiyon ay limitado – sobrang limitado para sa ilang hurisdiksiyon – at maraming dapat gawin upang iakma ang isang bagay na masalimuot na tulad ng eleksiyon. Ang pagkikipag-ugnayan sa komunidad na minorya ay dapat magsimula kaagad upang makatulong na magtatag ng mabisa at maayos na programa sa eleksiyon sa wikang minorya, upang ang mga dapat unahin ay maitakda sa maraming gawain na dapat matapos.

5. Pagpapalano sa Ibang Maaaring Mangyari

Maaaring may masamang mangyari. Nagkakasakit at hindi nakakarating ang mga opisyal sa eleksiyon. Ang mga materyal ay napapapunta sa maling lugar, o ganap na nawawala. Ang mga botante sa wikang minorya ay pumupunta sa hindi inaasahang lugar na botohan. Ang mabisang programa sa wikang minorya ay kabilang ang mga plano para sa pagharap sa mga problema, tulad ang pagsasanay sa mga opisyal sa botohan kung paano haharapin ang mga hindi inaasahang kalagayan, suportahan ang komunikasyon sa pagitan ng mga lugar na botohan at ang punong tanggapan sa eleksiyon, at karagdagang materyal at tauhan na may dalawang wika upang punuan ang mga puwang.

Muli, ang malapit na komunikasyon sa komunidad na minorya ay makakatulong na mapaliit ang mga epekto ng mga di-maiwasang problema na maaaring mangyari.

6. Magtasa, Magsuri at Magpahusay

Ang mabisang programa sa wikang minorya ay isang patuloy na gawain. Ang mga mamamayan na may wikang minorya ay lilipat sa ilang bagong lugar at lilikha ng pangangailangan ng mga bagong komunikasyon at bagong mga opisyal sa eleksiyon na may dalawang wika. Ang pangangailangan sa ibang mga lugar ay maaaring mawala sa paglipas ng panahon. Ang mga naturang pagbabago ay ipinapakita sa maraming paraan, tulad ng mga pagbabago ng pagpapatala sa paaralan. Tulad ng isang negosyo, ang opisina sa mga eleksiyon ay dapat makatugon sa mga pangangailangan ng mga nagbabagong kliyente. Ang patuloy na pagsangguni sa mga lider at grupo ng minorya ay mananatiling isang bahagi ng isang mabisang programa.

Ito ay makakatulong din na gumawa ng isang talaan ng mga pagsangguni at ibang pakikipag-ugnayan. Ito ay nakakatulong na matukoy ang mga tagumpay at puwang, at magtayo ng memoryang pang-institusyon.

ANG PAPEL NG KAGAWARAN NG HUSTISYA

- **Magbigay-alam** – Ang Kagawaran ng Hustisya ay nagpapasabi sa bawat hurisdiksiyon na ito ay sakop sa ilalim ng Section 203, at nakikipag-ugnayan sa mga mga komunidad na minorya upang ipaalam sa kanila ang batas.

- **Tumulong** – Nagbibigay kami ng impormasyon sa mga hurisdiksiyon at sumasagot ng mga tanong tungkol sa mga planong pagsunod.

- **Magpatupad** – Iniimbistagahan namin at sinusuri ang mga bintang ng mga paglabag ng pederal na batas, at gumagawa ng angkop na pagpapatupad.

Saan ako pupunta para sa karagdagang impormasyon?

Ang impormasyon tungkol sa Seksiyon 203, kabilang ang teskto, isang listahan ng mga sakop na hurisdiksiyon, at ang Mga Patnubay sa Wikang Minorya ng Abugado Heneral, ay nasa web site na Seksiyon sa Pagboto sa <http://www.usdoj.gov/crt/voting/index.htm>
Maaari ring makipag-alam kayo sa

Voting Section
Civil Rights Division
Department of Justice
950 Pennsylvania Ave., N.W. - NWB
Washington, DC 20530

TELEPONO - 202-307-2767; 1-800-253-3931
FAX - 202-307-3961